

## Produktong mula sa asin, planong pag-ibayuhin ng DOST

Ni Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII



Binisita ni Department of Science and Technology (DOST) Secretary Fortunato T. de la Peña, kasama ang mga opisyaes at siyentipiko mula sa ahensya ang salt farm ng JALD Industries Corporation sa San Jose, Occidental Mindoro noong Abril 06, 2017. Isa ang JALD Industries Corporation sa mga matagumpay na benepisyaryo ng Small Enterprise Technology Upgrading Program o SETUP ng DOST. Ayon kay Sec. de la Peña, pinaplano ng DOST ang pagsasagawa ng iba't ibang pag-aaral upang mas palakasin pa ang lumalagong industriya ng paggawa ng asin sa probinsya ng Occidental Mindoro. **(Kuha ni Gerardo G. Palad, DOST-STII)**

**S**an Jose, Occidental Mindoro - Pinaplanong magsagawa ng iba't ibang pag-aaral ang Department of Science and Technology (DOST) upang mas palakasin pa ang sumisiglang industriya ng paggawa ng asin sa probinsya ng Occidental Mindoro.

### Mga Nilalaman

Social development mining, magkatuwang na isusulong ng DOST at Chamber of Mines .....	p2
Website para sa mga imahe ng DIWATA-1, inilunsad .....	p3
SETUP beneficiary, kinilala bilang isa sa pinamokatagumpay na babaeng negosyante .....	p4
LarawaNews.....	p4

Ito ang ilan sa mga ibinahagi ni DOST Secretary Fortunato T. de la Peña matapos ang kanyang dalawang araw na pagbisita sa iba't ibang proyektong sa ilalim ng Small Enterprise Technology Upgrading Program o SETUP ng DOST sa probinsya ng Occidental Mindoro noong Abril 06-7, 2017.

Isa ang JALD Industries Corporation sa mga pinuntahan ni Sec. de la Peña, isang kumpanyang kilala sa paggawa at pagbebenta ng mga iodized salt.

Ayon kay Sec. de la Peña, nakita ng mga siyentipiko mula sa DOST ang potensyal ng salt production industry sa probinsya at mas lalo pa itong mapapalakas kung makakapagdebelop ang DOST ng iba't ibang produkto tulad ng mga pagkain na maaaring haluan ng asin.

"Noong binisita namin iyong isa sa mga salt farms dito sa San Jose (Occidental Mindoro), kasama ang mga researchers natin mula sa DOST, nadiskubre naming mayroong mga asin ngayon na pinong-pino na kung saan kakaunti palang ang nakakain mo, nanunuot na sa dila mo," ani Sec. de la Peña.

"Kaya naisip namin na malaki ang maitutulong sa pagpapaunlad pa lalo na ng salt production industry sa bansa, kung makakadebelop tayo ng mga produkto na maaring ibenta sa merkado at i-export sa ibang bansa," sabi pa ni Sec. de la Peña.

"Maaaring pag-aralan ng ating mga eksperto kung anu-anong mga food products na maaaring ihalo sa asin at madebelop, gayundin iyong iba pang mga industrial na produkto," dagdag ni Sec. de la Peña.

sundan sa pahina 2

Produktong mula...

## Mula sa pahina 1

Ibinahagi rin ni Sec. de la Peña, na layunin din ng DOST na makabuo ng mga kagamitan at makinarya na magpapabilis at magpapaganda sa kalidad ng produksyon ng asin sa bansa.

Samantala, ibinahagi naman ni Arnold Duque, may-ari ng JALD Industrial Corporation, na malaki ang naitulong ng SETUP ng DOST sa pagpapaganda at pagpapalaki ng kanilang mga produksyon.

“Simula noong 2011 kung saan lumapit kami sa DOST-MIMAROPA upang mag-apply sa SETUP, ilan sa mga kagamitan na nabili

namin ay ang Continuous-Type of Salt Iodizing Machine at 80,000 piraso na plastic packaging salt,” sabi ni Duque.

Paglalahad ni Duque, “sa pamamagitan nito, tumaas ng 20 porsyento ang aming benta at kumpara noong bago kami lumapit sa SETUP, mahigit sa 100 porsyento ang itinaas nang naa-iodize namin na asin,” sabi ni Duque.

Dagdag pa ni Duque, sa tulong din ng DOST, lumakas ang kanilang loob na makipagsabayan sa mga kumpanya sa ibang bansa na nag-aangkat din ng asin sa iba’t

ibang probinsya. Sa kasalukuyan, umaabot na sa mga lugar kagaya ng sa Batangas, Mindoro, Aklan, Capi, Iloilo, Negros Oriental, Samar, Leyte, Palawan, at Northwestern Mindanao.

Samantala, bukod sa JALD Industries Corporation, binisita rin ni Sec. de la Peña ang iba pang matagumpay na SETUP beneficiaries ng DOST sa probinsya ng Occidental Mindoro kagaya ng C. Jose Yumul Balutan, De Jesus Enterprises, Liwanag Meat Dealer, Noynoy’s Welding Shop, Rich Blitz, at Mindoro Progressive Multi-Purpose Cooperative.

# Social development mining, isusulong ng DOST at Chamber of Mines

Ni Rodolfo P. de Guzman, DOST-STII

**L**umagda sa isang Memorandum of Agreement ang Department of Science and Technology-Philippine Council for Industry, Energy and Emerging Technology Research and Development (PCIEERD) at Chamber of Mines of the Philippines (COMP) noong Abril 4, 2017 sa Asian Institute of Management sa lungsod ng Makati upang mapalawig ang tinatawag na “responsible mining.”

Bahagi sa naturang MOA ay ang mga proyektong tinatawag na green mining sa pamamagitan ng paggamit ng angkop na

teknolohiya upang mabawasan ang masamang epekto nito sa kapaligiran at ang pagsusulong sa tinatawag na downstream industries kung saan makalilikha ng mga value added products.

“It is all about rehabilitation,” Ito ay isang pagsasa-ayos upang mapalawig ang social development ng mga mining companies, kasama na ang pagtiyak ng karampatang halaga ng epekto ng pagmimina (sa ating bansa),” ani Dr. Carlos Primo David, Executive Director ng DOST- PCIEERD.

Sinabi ni Benjamin Philip Romualdez, pangulo ng COMP na ang Chamber

ay isang samahan na nagsusulong sa pagpapaunlad ng pagmimina at siniguro niya ang magpapatupad ng mga layunin na pangmadalian at pangmatagalan at bibigyan halaga ang mga proyekto kasama ang PCIEERD.

Ang pagmimina ay isa sa 16 na sektor na patuloy na sinusuportahan ng DOST-PCIEERD sa larangan ng research and development (R&D), technology transfer at information dissemination gamit ang siyensya at teknolohiya sa bansa. (Impormasyon mula sa DOST-PCIEERD)



Lumagda sa isang kasunduan ang Department of Science and Technology - Philippine Council for Industry, Energy and Emerging Technology Research and Development (PCIEERD) at Chamber of Mines of the Philippines (COMP) upang magkatuwang na isulong ang social development mining. Kabilang sa mga opisyal na pumirma sa Memorandum of Agreement ay sina (mula kaliwa) DOST-PCIEERD Deputy Executive Engr. Raul Sabularse, DOST-PCIEERD Executive Director Dr. Carlos Primo David, COMP President Benjamin Philip Romualdez, at COMP Executive Vice President Nelia Halcon. (Larawan mula sa DOST-PCIEERD)

**ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD**

Editor-in-Chief

**ALLAN MAURO V. MARFAL**

Editorial Assistant

**JAMES B. INTIA**

Layout

**FRAMELIA V. ANONAS**

Proofreader


**FERDINAND D. CARTAS**

Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST). Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa [balitangrapidost@gmail.com](mailto:balitangrapidost@gmail.com) o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148

## Website para sa mga imahe ng DIWATA-1 inilunsad

Ni Allan Mauro V. Marfal, *DOST-STII*



**I**sang taon matapos magsimulang lumipad sa kalawakan, humigit kumulang 5,000 beses nang nakaikot ang DIWATA-1 sa iba't ibang panig ng mundo, kabilang na ang Pilipinas, upang kumuha ng mga imahe na makakatulong sa sektor ng agrikultura, pag-aalaga ng kapaligiran at likas na yaman, at paghahanda sa mga sakuna.

Kaya naman upang maumpisahan ng mapakinabangan ito ng iba't ibang sektor sa bansa at ng publiko, bumuo ng isang website ang Philippine Microsatellite Program ng Department of Science and Technology at Unibersidad ng Pilipinas upang madaling makita at magamit ito sa mga pag-aaral at pagplano ng pamahalaan.

Ilan lamang ito sa mga ibinahagi sa ginanap na press conference ng DOST-Advanced Science and Technology Institute

(ASTI), katuwang ang DOST- Philippine Council for Industry, Energy and Emerging Technology Research and Development (PCIEERD) at Unibersidad ng Pilipinas noong Abril 27, 2017.

Pinamagatang "Pinoy Showcase of Space Technologies" ibinida rito ang mga ulat hinggil sa mga proyektong nasa ilalim ng Philippine Microsatellite Program kagaya ng DIWATA-1 at ang pagbuo ng pasilidad na tinawag na Philippine Earth Data Resource Observation (PEDRO).

Ayon kay Engr. Mark Edwin A. Tupas, isa sa mga project leaders, makikita ang larawan na nakunan ng DIWATA-1 sa [www.phl-microsat.upd.edu.ph](http://www.phl-microsat.upd.edu.ph).

Pagpapaliwanag ni Engr. Tupas, ibinukas ang website sa publiko upang masulit ang benepisyong maibibigay ng mga imaheng nakukuha ng DIWATA-1 sa pagtuklas at pagpapalitan ng mga kaalaman.

Nilinaw naman ni DOST-ASTI Acting Director at program leader ng Philippine Microsatellite Dr. Joseph Joel L. Marciano na bagamat libre nilang inaalok ito sa publiko, hindi pinapahintulutan ang pagbebenta ng mga ito.

Samantala, ibinahagi naman ni Dr. Gay Jane Perez, isa rin sa mga project leader na bago magtapos ang DIWATA-1 sa November 2018, inaasahang kukuha pa ito ng mga imahe sa isang libong piling lugar sa Pilipinas upang magbigay ng impormasyon tungkol sa pangangalaga ng ating mga likas na yaman at kapaligiran.

Ibinahagi rin ni Dr. Perez na kasalukuyang binubuo na ang ikalawang bersyon ng DIWATA. Pagmamalaki niya na mas makakapagbigay ng detalyadong impormasyon ang DIWATA-2 na inaasahang matatapos sa ikalawang yugto ng 2018.

# SETUP beneficiary, kinilala bilang isa sa pinamakatangumpay na babaeng negosyante

Ni Kimverlyn C. Sayson, *DOST-STII*

**S**i Sarah Guarte, may-ari ng Sarah's Cakes and Pastries at benepisaryo ng Small Enterprise Technology Upgrading Program o mas kilala bilang SETUP ng Department of Science and Technology (DOST), ay kinilala bilang isa sa mga pinakamatagumpay na kababaihang negosyante sa rehiyon ng Caraga.

Iginawad ng Regional Development Council-Gender and Development Coordinating Committee ang nasabing parangal kay Sarah, kasabay ng padiriwang ng International Women's Day noong Marso 08, 2017 sa Balanghai Hotel sa lungsod ng Butuan.

Layon ng nasabing parangal ang naglalayong mahikayat at mabigyan ng lakas ng loob ang mas marami pang kababaihan sa rehiyon ng Caraga na pumasok sa larangan ng pagnegosyo.

Pagkukwento ni Sarah, noong bata siya ay hindi niya kinahiligan ang paggawa ng mga cake at pastry, ngunit dahil sa walang sawang pagtuturo na kanyang ina, unti-unti ay natuklasan niyang may kakayahan pala siya pagdating dito. Ilang beses siyang nagtangka bago niya nakuha ang tamang lasa na papatok sa masa.

Taong 2004 nang itayo ni Sarah ang kanyang cake production facility sa lungsod ng Tandag sa Surigao del Sur at paunti-unting lumago ang kanyang negosyo.

Aminado si Sarah na malaki ang naitulong ng SETUP ng DOST upang mapausbong niya



Si Sarah Guarte, may-ari ng Sarah's Cakes and Pastries at isa sa mga benepisaryo ng Small Enterprise Technology Upgrading Program o SETUP ng DOST, ay pinarangalan bilang isa sa pinakamatagumpay na negosyanteng kababaihan sa rehiyon ng Caraga. Kasama sa larawan ay PSTC Surigao del Sur Director Caressa Leanne Lim. (Larawan mula sa DOST-Caraga)

ang kanyang apat na branch stores sa Surigao del Sur.

Pagbabahagi ni Sarah, "Taong 2012 nang maging benepisaryo siya ng SETUP sa tulong at paggabay na rin ng DOST-Caraga". Ilan sa

mga kagamitan nabili niya dahil sa suporta ng SETUP ng DOST at nakatulong sa pagpapaganda ng kanilang produksyon ay ang three-door cake chiller, stainless table with bottom shelf at preparation table with mid and bottom shelf. Tinulungan din sila ng DOST sa pagdidisenyo ng kanilang mga materyales pagdating sa packaging at labelling ng kanilang mga produkto.

Napalaki niya ang kaniyang benta mula P400,000 hanggang isang milyon. Dagdag pa doon ay kailan lamang nakapagpatayo muli siya ng bagong cake production facility ayon sa rekomendasyon ng mga konsultant ng DOST Manufacturing Productivity Extension Program.

Napatunayan niya na ang paggamit ng iba't ibang teknolohiya at pagdalo sa mga pagsasanay na siyang maglilinig sa kaniyang kakayahan na hatid ng DOST ang siyang naging susi sa maunlad niyang negosyo.

Samantala ayon kay Caressa Leanne Lim, provincial S&T Director sa Surigao del Sur, malaking bagay ang naitutulong ng SETUP para sa mga babaeng nais umunlad sa kani-kanilang negosyo sapagkat natutulungan ang mga katulad ni Sarah na gamitin ang mga teknolohiyang mag-aangat sa operasyon at pagyabong ng isang negosyo.

"Ang naturang programa ay nagbibigay-daan sa mga negosyo para alamin ang mga teknikal na problema sa paraan ng technology transfer at technology interventions," pagtatapos ni Lim (*Impormasyon mula kay Cindy Belivestre, Surigao del Sur*)

## LarawaNEWS



Pinangunahan ni Prof. Fortunato T. de la Peña, kasalukuyang kalihim ng Department of Science and Technology (DOST) at Engr. Mario G. Montejo, dating kalihim ng DOST, ang paglulunsad ng Continuous-Type Superheated Steam Treatment System (SSTS) for Stabilized Brown Rice noong Abril 19, 2017 sa Pulilan Rice and Vegetables Production Cooperative (PRVPC) sa Pulilan, Bulacan. Ang STSS for Stabilized Brown Rice na dinesenyo at dinebelop ng DOST-Metal Industry Research and Development Centre ay may kakayahang pahabain ang shelf-life ng brown rice hanggang sa siyam na buwan mula sa kasalukuyang dalawa hanggang limang buwan. Umaasa si Sec. de la Peña, na maraming magsasaka sa Bulacan ang makikinabang sa nasabing makinarya at umusbong ang industriya ng agrikultura sa probinsya. Kabilang din sa mga dumalo sa nasabing paglulunsad ay sina DOST 3 Regional Director Dr. Julius Caesar V. Sicat, MIRDCE Executive Director Engr. Robert O. Dizon, at Pulilan Mayor Maritz Ochoa Montejo. **(Kuha ni Henry A. De Leon, DOST-STII)**